NHS

# HPV vaccination

Pagprotekta laban sa impeksyon sa HPV upang makatulong na mabawasan ang iyong panganib na magkakanser



arm against cancer

## Ang universal na programa ng pagbabakuna laban sa HPV

Ang bakuna sa HPV ay inaalok sa lahat ng batang babae sa ika-8 taon ng eskuwela mula noong Setyembre 2008. Mula Setyembre 2019, ang bakuna ay inaalok din sa mga batang lalaki na nasa ika-walong taon ng eskuwela.

Ito ay dahil malinaw ang ebidensya na ang bakuna sa HPV ay nakakatulong na protektahan ang mga batang lalaki at babae mula sa mga kanser na nauugnay sa HPV.

**Higit sa 280 milyong dosis ng bakuna laban sa HPV ang naibigay na sa buong mundo, kabilang ang 120 milyong dosis sa US at mahigit 10 milyon sa UK.**

### Ang bakuna laban sa HPV ay tumutulong na protektahan ka mula sa pagkahawa sa human papillomavirus (HPV).

Ang virus na ito ay nagdaragdag ng panganib na magkaroon ng ilang kanser kinalaunan, tulad ng:

- cervical cancer
- ilang kanser sa bibig at lalamunan
- ilang kanser sa bandang puwet (anus) at ari

Ang bakuna laban sa HPV ay hindi nagpoprotekta laban sa iba pang mga impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik.



# HPV at kung paano ito kumakalat

**Ang impeksyon sa HPV ay napakakaraniwan.** Mahigit sa 70% ng hindi nabakunahan na mga tao ang makakakuha nito

70%

**Ang HPV ay nabubuhay sa balat sa loob at paligid ng buong ari**, kaya ang paggamit ng condom ay hindi nagbibigay ng kumpletong proteksyon mula sa HPV

Mayroong **maraming iba't ibang uri** ng HPV

Karamihan sa mga impeksyon sa HPV ay hindi nagdudulot ng anumang sintomas at **gumagaling nang kusa**

**Ang ilan ay hindi nawawala** at maaaring humantong sa kanser habang ang iba ay nagdudulot ng genital warts

## Ano ang nagawang kaibhan ng bakuna laban sa HPV sa ngayon?

Labinlimang taon mula nang magsimula ang programa ng pagbabakuna sa UK ay nagkaroon ng malaking pagbaba sa mga impeksyon sa HPV at sa bilang ng mga kabataang may genital warts.

Sa paglaon ng panahon, inaasahan na ang bakuna ay magliligtas ng daan-daang buhay bawat taon sa UK.

**Upang mabigyan ka ng pinakamahusay na proteksyon, ang bakuna ay dapat ibigay bago ka maging aktibo sa pakikipagtalik.**

**Kung ikaw ay aktibo sa pakikipagtalik, dapat ka pa ring magpabakuna.**

## Ang pagkakaroon ng bakuna laban sa HPV

Ang bakuna ay ibinibigay bilang isang iniksyon sa iyong itaas na braso.

Karamihan sa mga tao ay mangangailangan lamang ng isang dosis upang maprotektahan. Ito ay karaniwang ibinibigay sa oras na ikaw ay nasa ika-8 taon ng eskuwela.



## Ang bakuna laban sa HPV

Ang bakuna laban sa HPV na ginagamit sa **iskedyul ng pagbabakuna ng NHS** ay Gardasil 9 at nagpoprotekta ito laban sa 9 sa mga uri ng HPV na maaaring magdulot ng kanser at genital warts para sa karamihan ng mga tao sa isang dosis lamang.

## Nakaligtaan ko ang aking pagbabakuna, maaari ko pa ba itong makuha?

Oo. Kung napalampas mo ang iyong pagbabakuna sa paaralan, dapat mong subukang makuha ito sa lalong madaling panahon.

Makipag-ugnayan sa iyong nars sa paaralan, team sa pagbabakuna ng paaralan o GP practice upang gumawa ng appointment.

Mananatiling karapat-dapat kang tumanggap ng bakuna hanggang sa iyong ika-25 kaarawan.

## Ang mga babaeng nabakunahan na nito ay kailangan pa ring pumunta para sa cervical screening

Ang lahat ng kababaihang nasa edad 25 pataas sa England ay inaalok ng mga cervical screening test. Pipigilan ng bakuna laban sa HPV ang hanggang 90% ng mga kaso ng cervical cancer, ngunit dapat pa ring dumalo ang mga babae para sa cervical screening kapag inimbitahan na gawin ito.





## Paano ang iba pang mga kanser?

Sa kasalukuyan ay walang mga programa sa pagsusuri para sa iba pang mga kanser na nauugnay sa HPV. Kung nag-aalala ka tungkol sa anumang mga sintomas, makipag-usap sa iyong GP practice.

## Mga side effect

Tulad ng karamihan sa iba pang mga pagbabakuna, ang mga side effect ng pagbabakuna laban sa HPV ay medyo banayad. Ang pananakit, pamamaga at pamumula sa braso ay karaniwan ngunit nawawala sa loob ng ilang araw. Ang mas malubhang mga side effect ay napakabihira.

Ang bakuna ay nakapasa sa mga mahigpit na pamantayan sa kaligtasan para sa paggamit sa UK at napatunayan na isang napakaligtas na bakuna. Milyon-milyong dosis ng bakuna ang naibigay na sa mga batang lalaki at babae sa UK at sa buong mundo. Tulad ng lahat ng mga bakuna, anumang ulat ng mga side effect ay mahigpit na sinusubaybayan at sinusuri.

Kung makaranas ka ng anumang pinaghihinalaang mga side effect sa bakuna, maaari mong iulat ang mga ito sa Yellow Card website o sa pamamagitan ng pagtawag sa **0800 731 6789** (9am hanggang 5pm Lunes hanggang Biyernes) o sa pamamagitan ng pag-download ng Yellow Card app.

**www.mhra.gov.uk/yellowcard**

# Tandaan

- Magpabakuna laban sa HPV ngayon, upang maprotektahan ang iyong sarili laban sa ilang kanser sa hinaharap
- ang bakuna ay nagliligtas ng daan-daang buhay bawat taon sa UK
- kahit na may proteksyon mula sa bakuna laban sa HPV, kakailanganin mo pa rin ang mga pagsusuri sa kalusugan, tulad ng iyong cervical smear mula sa edad na 25

## Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.nhs.uk/hpv

Ang kumpletong listahan ng mga sangkap para sa bakunang Gardasil 9 ay nakasaad sa Patient Information Leaflet (PIL):
**www.medicines.org.uk/emc/product/7330/pil**

Buod ng Mga Katangian ng Produkto (Summary of Product Characteristics, SPC):
**www.medicines.org.uk/emc/product/7330/smpc/print**

Ang polyetong ito ay ginawa ng UK Health Security Agency.
**Pagbabakuna, tumutulong na protektahan ang lahat anuman ang edad.**

Maaaring orderin o i-download ang polyeto mula sa: **www.healthpublications.gov.uk**, sa pamamagitan ng pagtawag sa: 0300 123 1002 (bukas ang mga linya 8am hanggang 6pm Lunes hanggang Biyernes). Available din ang polyetong ito na isinalin sa mga sumusunod na wika: Albanian, Arabic, Bengali, Brazilian Pt., Bulgarian, Chinese, Spanish, Estonian, Farsi, Fijian, Greek, Gujarati, Hindi, Kurdish, Latvian, Lithuanian, Nepali, Panjabi, Pashto, Polish, Romany, Romanian, Russian, Somali, Tagalog, Turkish, Twi, Tigrinya, Ukrainian, Urdu, Yiddish at Yoruba

© Crown Copyright 2023. Product code: HPVU1L-TAG. 3P 850K MAY 2023 (APS)
UK Health Security Agency gateway number 2023-043 Tagalog